



PEER-EDITING SA PAGTUTURO NG ASIGNATURANG FILIPINO AT KASANAYAN SA PAGSULAT NG TEXTONG ARGUMENTATIBO

MABEL M. DE LAS ALAS¹

IMELDA G. CARADA, PhD²

17-s-maed-fil-18@lspu.edu.ph¹

imelda.carada@lspu.edu.ph²

0000-0001-9251-5711¹

0000-0003-3843-2653²

Malvar Senior High School, Malvar, Batangas, Philippines¹

Laguna State Polytechnic University, San Pablo City, Laguna, Philippines²

ABSTRAK

Ang pag-aaral na ito ay tungkol paggamit ng Peer-editing sa pagtuturo ng asignaturang Filipino at kasanayan sa pagsulat ng textong argumentatibo ng mga mag-aaral sa ika-11 baitang mula sa istand ng Humanities and Social Sciences ng Malvar Senior High School. Sinikap na alamin ng pag-aaral na ito ang antas ng kasanayan ng mga mag-aaral sa pagsulat ng textong argumentatibo batay sa nilalaman, kaisahan, kaangkupan sa paksa at mekanismo bago at pagkatapos gamitin ang estratehiyang Peer-editing sa pagtuturo. Nilayon ring malaman sa pag-aaral ang mean score ng mga tagasagot batay sa nilalaman, kaisahan, kaangkupan sa paksa at mekanismo sa pagsulat bago at pagkatapos gamitin ang estratehiyang Peer-editing. Minabuti ring inalam ng naisagawang pag-aaral ang makabuluhang pagkakaiba ng antas ng kasanayan ng mga mag-aaral sa pauna at panapos na pagsusulit batay sa nilalaman, kaisahan, kaangkupan sa paksa at mekanismo sa pagsulat. Ginamit ang disenyong eksperimental upang malaman ang epekto ng hindi malayang baryabol sa malayang baryabol ng naisagawang pag-aaral. Nagsagawa ng pauna at panapos na pagsusulit ang mananaliksik upang makalalap ang mga marka sa pagsulat ng textong argumentatibo batay sa nilalaman, kaisahan, kaaangkupan sa paksa at mekanismo sa pagsulat. Ang naisagawang pagtuturo na naisagawa ng mananaliksik ay nakabatay sa nasulat na lesson exemplar at tumagal ng limang linggo. Tiniyak ng mananaliksik na ang bawat linggong nagdaan ay natalakay ang mga paksang kinakailangang mabatid ng mga mag-aaral. Sa masikap na pangangalap ng datos at pagbibigay ng kahulugan sa mga ito gamit ang Mean at Paired Differences ay nabatid na sa kabuuan ay sumasang-ayon ang mga mag-aaral sa paggamit ng peer-editing bilang estratehiya sa pagtuturo ng kasanayan sa pagsulat ng textong argumentatibo. Nakita rin sa pag-aaral na mayroong makabuluhang pagkakaiba sa antas ng kasanayan sa pagsulat ng textong argumentatibo bago at pagkatapos gamitin ang estratehiyang Peer-Editing.

Mga susing salita: Estratehiyang Peer-editing, Pagtuturo, Kasanayan sa Pagsulat ng Textong Argumentatibo